Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-29 NG HUNYO, 2020.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 142-2020

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA HUMIHILING SA LAND TRANSPORTATION FRANCHISING AND REGULATORY BOARD (LTFRB), SA PAMAMAGITAN NI ATTY. MARTIN B. DELGRA III (CHAIRMAN NG LTFRB), NA MAPASAMA SA LISTAHAN NG BINIBIGYANG PAHINTULOT NA MAKABIYAHE ANG MGA UV EXPRESS NA MAGMUMULA SA LUNGSOD NG MALOLOS SA GITNA NANG UMIIRAL NA COMMUNITY QUARANTINE.

PANGUNAHING MAY-AKDA: KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
KAMAY-AKDA: KGG. NOEL G. PINEDA, KGG. MICHAEL M. AQUINO KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. ENRICO C. CAPULE AT KGG. KIRK LOUIS NICOLAS

SAPAGKAT, noong ika-16 ng Marso 2020 ay nagsimulang isailalim ang Luzon sa Enhanced Community Quarantine dulot ng pagkalat ng pandemyang COVID-19 kung saan ay kasama sa mga ipinagbabawal ang pagbiyahe ng lahat ng uri ng pampublikong transportasyon;

SAPAGKAT, hanggang sa kasalukuyan ay nasa ilalim pa rin ng General Community Quarantine ang Lungsod ng Malolos, kaya't malaki pa rin ang bilang ng mga kababayan nating lubhang naaapektuhan;

SAPAGKAT, kamakailan lang ay naglabas ng pahayag ang Land Transportation and Regulatory Board (LTFRB) kung saan ay pinapayagan nang bumiyahe ang mga UV Express sa iba't-ibang ruta, papasok at palabas ng National Capital Region (NCR) simula 29 Hunyo, 2020 alinsunod sa mga patakarang pangkalusugan na ipinatutupad sa LTFRB Memorandum Circular No. 2020-025;

SAPAGKAT, bagama't malaki ang pangangailangan sa ganitong uri ng transportasyon ng mga mananakay mula sa Lungsod ng Malolos ay hindi napasama sa listahang inilabas ang mga UV Express na may biyaheng Malolos patungo sa iba't-ibang terminal sa kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, kahit na sa kasalukuyan ay may mga bumabiyaheng Point to Point (P2P) Buses palabas at papasok ng Lungsod ay malaki pa rin ang bilang ng mga mananakay na nangangailangan ng pampublikong transportasyon lalo't nasa limampung porsyento (50%) na kapasidad lamang ang pinapayagan;

SAPAGKAT, mahigit tatlong (3) buwan na ring walang hanapbuhay ang may humigit-kumulang pitumpung (70) UV Express drivers na may mga lehitimong prangkisa upang makabiyahe mula sa Lungsod ng Malolos at ilang terminal sa kalakhang Maynila;

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

SAPAGKAT, batay na rin sa No. 2, Letter B ng LTFRB Memorandum Circular 2020-025, bukas ang LTFRB sa pagpapahintulot ng karagdarang mga ruta ng UV Express batay sa pangangailangan nito;

Sa pamamagitan ng kahilingan ni Kgg. Dennis D. San Diego na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito ay ginagawang pagpapasiya, na hilingin sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), sa pamamagitan ni Atty. Martin B. Delgra III (Chairman ng LTFRB), na mapasama sa listahan ng binibigyang pahintulot na makabiyahe ang mga UV Express na magmumula sa Lungsod ng Malolos sa gitna nang umiiral na Community Quarantine.

PINAGTIBAY.

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**CRISTINA R. GUTIERREZ, EnP**
Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*06292020